

Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 56 Ang Sulat ni Jesus sa Simbahan ng Sardis Yugto 1

“1 At sa anghel ng iglesia sa Sardis ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng Dios, at may pitong bituin: Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay. 2Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios. 3Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyang akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyang ako sa iyo. 4Nguni't mayroon kang ilang pangalan sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit: at sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi; sapagka't sila'y karapatdapat. 5Ang magtagumpay ay daramtong gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel. 6Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.” (Pahayag 3:1-6)

“1 At sa anghel ng iglesia sa Sardis ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng Dios, at may pitong bituin: Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay.” (Pahaayag 3:1) Ipinadala ngayon ni Jesus ang Kanyang sulat sa simbahan ng Sardis, ang ika-limang simbahan na matatagpuan din sa maliit na Asia, na kung saan ay Turkey ngayon. Narito ang Panginoong Jesus ay ipinahayag ang Kanyang sarili sa ganoong paraan: ***“Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng Dios, at may pitong bituin”***, bilang siya ang na may pitong espiritu ng Diyos. Ang pito ay perpektong bilang, at mababasa natin ang tungkol sa Espiritu ng Diyos sa ***Isaiah 11***, ***“At ang Espiritu ng Panginoon ay sasa kaniya, ang diwa ng karunungan at ng kaunawaan, ang diwa ng payo at ng katibayan, ang diwa ng kaalaman at ng takot sa Panginoon;” (Isaiah 11:2)*** Ang Espiritu ng Panginoon, ang Espiritu ng karunungan, ang Espiritu ng kaunawaan, ang Espiritu ng kaunawaan, ang Espiritu ng katibayan, ang Espiritu ng kaalaman, ang Espiritu ng takot sa Panginoon. Gusto ni Jesus sa atin na hanapin at matamo ang mabubuting bagay at ang mga sangkap ng Kanyang Espiritu ng walang sukat. ***“: Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay.”*** Kinakailangan nilang hanapin ang Espiritu ng Diyos upang muling buhayin sila. **Sa parehong paraan kaialangan nating hanapin ang Espiritu ng Diyos ng walang sukat, upang muling buhayin tayo.**

Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng Dios, at may pitong bituin. Ipinakilala rin dito ni Jesus ang Kanyang sarili bilang isa na hinahawakan ng Kanyang kamay ang pitong mga bituin, na pitong mga lingkod ng pitong mga simbahan. Kaya sinasabi Niya sa kanila, bawat buhay ng tao ay nasa Kanyang kamay. Kaya't kinakailangan nila at kailangan natin ang Espiritu ni Jesus upang muling papanauliin ang ating buhay, gaya ng Kanyang ipinangako, ***“Ang espiritu nga ang bumubuhay; sa laman ay walang anomang pinakikinabang: ang mga salitang sinalita ko sa inyo ay pawang espiritu, at pawang buhay.” (Juan 6:63)*** Sinasabi Niya sa kanila rito na sila'y mga patay ngunit mabubuhay silang muli sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, at sa gayon, matatanggap nila ang Kanyang Espiritu habang handa nilang tanggapin ang Kanyang Salita sa pamamagitan ng sulat na Kanyang ipinadala sa pamamagitan ng pagsusulat ni Apostol Juan.

Nalalaman ko ang iyong mga gawa, Batid ni Jesus ang bawat isa sa ating mga gawa. Sinabi ni Jesus sa kanila nalalaman ko ang iyong mga gawa, anong gawa ang ibig Niyang sabihin dito? Madaling ipinaliwanag ito ni Jesus nang sinabi Niya, ***Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay.”*** Walang mabuti dito kundi patay na mga gawa; na tumutukoy sa gawa ng laman gaya ng mababasa natin dito: ***“19 At hayag ang mga gawa ng laman, sa makatuwid ay ang mga ito: pakikiapid, karumihan, kalibugan, 20Pagsamba sa diosdiosan, pangkukulam, mga pagtataniman, mga pagtatalo, mga paninibugho, mga pagkakaalitan, mga pagkakampikampi, mga pagkakabahabahagi, mga hidwang pananampalataya, 21Mga kapanaghilian, mga paglalasing, mga kalayawan, at ang mga katulad nito; tungkol sa mga bagay na ito ay aking ipinagpapaunang ipaalaala sa inyo, tulad sa aking pagpapaalaala nang una sa inyo, na ang mga nagsisigawa ng gayong mga bagay ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Dios.” (Galacia 5:19-21)***

Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay.” Sinasabi Niya sa kanila, na nalalaman ng mga tao ang tugkol sa kanila na sila'y mayroong tiyak na mabubuting bagay, ngunit si Jesus ay walang nakikitang mabuti sa kanila, at higit pa roon na nakikita niya lamang na sila'y mga patay. Sila ay maaring nagyayabang sa kanilang nakaraang karanansan at mga nagawa, at ngayon ay wala silang gingawa kundi ang mamuhay na malayo sa paggawa ng kalooban ng Diyos, o sila ay nabubuhay sa kasalanan. **Kaya't ilagay sa iyong isip, kung ikaw ay nabubuhay sa kasalanan o hindi namumuhay sa kalooban ng Dios kung gayon ikaw ay patay.**

“Na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay.” Posibleng sila’y hindi ipinanganak na muli na mga Cristiano. Ito ay katulad sa sinabi ni Jesus kay Nicodemus, ang Judío tagapagturo, **“5 Sumagot si Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao’y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios. 6 Ang ipinanganak ng laman ay laman nga; at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu nga. 7 Huwag kang magtaka sa aking sinabi sa iyo, Kinakailangan ngang kayo’y ipanganak na muli.”** (Juan 3:5-7) Ang mga kasapi ng simbahan ay hindi ipinanganak muli, sila’y hindi ipinanganak ng Espiritu ng Diyos. Kailangan nating ipanganak muli sa tubig at iyon ang laman (ang katawan ng tao ay binuo ng likido ng tubig kapag ang sperma ay pinapataba ang isang ova at iyon ay ang laman), sa gayon kailangan natin ipanganak muli sa pamamagitan ng Banal ng Espiritu. **Yaong mga ipinanganak sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos ay masasabi nila nang eksakto ang pagbabago sa kanilang buhay at masasabi nila nang eksakto kung paano sila napabagong loob.** Ako’y naniniwala na marami sa ngayon ang bahagi ng simbahan ngunit hindi sila ipinanganak ng Espiritu ng Diyos. Ang simbahan ng Sardis ay mukhang isang libingan; mga taong buhay, ngunit sila ay patay dahil wala pa silang Banal na Espiritu ng Diyos; dahil hindi sila ipinanganak ng Espiritu ng Diyos, o nawala sa kanila ang Espiritu ng Diyos dahil sa kanilang buhay sa kasalanan.

“Na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay.” * Kailangang mong maunawaan na maaring nakikita ng mga tao sa iyo ang tiyak na mabuting huwaran dahil sa iyong nakaraan o dahil sa iyong ipinagamalaki, o sa kung anong mayroon ka sa materyal na mga bagay, o kapangyarihan, ngunit ang lahat ng ito ay walang halaga kung nakikita ka ng Panginoon na mabuti gaya ng patay dahil sa kasalanan sa iyong buhay, dahil sa kawalan ng pagkamabunga o dahil wala ka ng Espiritu ng Diyos at ikaw ay hindi pinangunahan ng Banal na Espiritu.

*** Ang mabubuting saloobin at mabubuting gawa ay hindi nangangahulugang sila ay ang mga gawa o sila ay pangunguna ng Banal na Espiritu. Maaring sila ay may mga aktibidad at gawain at sila’y katulad ng isang simbahan, ngunit ang kanilang mga gawa ay kanilang sariling gawa lamang at hindi ng pangunguna ng Banal na Espiritu.**

“2 Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka’t wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios. (Pahayag 3:2) Binalaan sila ni Jesus at tinatawag sila upang magpuyat, na parang sila ay natutulog at hindi nila alam ang tungkol sa paglipol na sila’y naroroon. **Ang Salita ng Diyos kapag ating nabasa ito o kapag ating narinig ito, naglalaman ng mga babala at utos na kailangan nating gawin; kailangan nating gumising at seryosohin ito upang maiwasang ilagay ang ating sarili sa higit na mga kapahamakan.** Sinasabi ni Jesus sa kanila at sinasabi sa atin ngayon, **“pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay”**, Ito’y nangangahulugang mayroong mga kasapi o mga manggagawa sa kanila na malapit nang mamatay dahil sa kasalanan o kawalan ng malasakit at pagsubaybay, at iyon ay naganap dahil sa katamaran, pagpapabaya, walang pagiingat, at ang kawalan ng pakiramdam sa babala ng Banal na Espiritu sa simbahang ito.

Ang ibang mahalagang dahilan para sa pagkamatay ay darating sa kanilang kalagitnaan ay ang kanilang kawalang kahandaan na buuin ang gawa na kanilang sinimulan at kanilang kawalang na ingatan ito sa halaga na itinalaga ni Jesus sa kanila upang kamitin at makamit, tulad ng sinabi Niya sa kanila: **“sapagka’t wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios.”** **Gusto ba ng Diyos na tayo’y maging perpekto at para sa ating mga gawa ay maging perpekto? Oo nais Niyang maging perpekto tayo.** Marami na nagsasabi na walang perpekto dahil gusto nilang bigyang katuwiran ang kanilang walang kahandaang magsisi. Ilan sa kanila ay pipili ng maliit na pag-iisip sa pastor at susubukang akusahan siya ng mali para lamang bigyang-katuwiran ang kanilang kawalang kahandaang magsisi at sumulong nang may ganap na ganap patungo sa Diyos. Ang sumusunod na Kasulatan ay tutulong sa atin na makita ang paksa ng pagiging sakdal sa Kasulatan:

“At nang si Abram ay may siyam na pu’t siyam na taon, ay napakita ang Panginoon kay Abram, at sa kaniya’y nagsabi, Ako ang Dios na Makapangyarihan sa lahat lumakad ka sa harapan ko, at magpakasakdal ka.” (Genesis 17:1) Pinayuhan ng Diyos si Abraham na maging sakdal sa harapan ng Diyos. **Tayo din ngayon ay tinawag at pinayuhan upang maging sakdal sa harap ng Diyos.**

“Ikaw ay magpapasakdal sa Panginoon mong Dios.” (Deuteronio 18:13) Pinayuhan ni Moises ang mga tao na magpakasakdal sa harap ng Diyos. Ang Salita ng Diyos ay pinapayuhan tayo na magpakasakdal. **Tayo bilang simbahan ay pinapayuhan ang ating mga kasapi na magpakasakdal sa harap ng Diyos, at gagawin natin iyon sa pagbuo at pakikipagtulungan sa Diyos upang magkaroon ng sakdal na puso.**

Sa pangyayari ng pagdadala ng arko ng Diyos papunta sa templo ng Diyos Hari ng Solomon ay pinayuhan ang mga tao sa ilalim ng kanyang pangangalaga na magpasakdal at ingatan ang kautusan ng Diyos: **“Mula nang araw na aking ilabas ang aking bayang Israel sa Egipto, hindi ako pumili ng bayan sa lahat ng mga lipi ng Israel upang magtayo ng bahay, upang ang aking pangalan ay dumoon; nguni’t aking pinili si David upang**

maging pangulo sa aking bayang Israel.” (1 Hari 8:61) Gaya ng pagtulong ng Diyos sa kanila at pinagpala sila sa pagbibigay sa kanila ng mga pagkukunan at tagumpay sa pagtatayo ng templo at pagdadala ng arko ng Diyos sa templo ng Diyos, sa ayon ano ang aasahan sa kanila upang maging sakdal at gagawin nila iyon sa pamumuhay ayon sa Kanyang mga paraan at sa pagsunod sa Kanyang mga utos. **Kahit sa ngayon kapag pinagpapala ng Diyos ang simbahan at tinutulungan tayo sa gayon kailangan nating ipahayag ang ating katapatan sa Diyos sa paraan na maging sakdal sa Diyos sa paglakad sa Kanyang mga paraan at pagsunod sa Kanyang mga utos.**

“Kayo nga’y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal.” (Mateo 5:48) Si Jesus Mismo ay inuutusan tayo na magpakasakdal gaya ng ating Makalangit na Ama ay sakdal. Kailangan nating seryosohin kapag ating narining ng sinasabi ni Jesus sa atin, ***“sapagka’t wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios.”*** At kailangan nating tumugon nang maayos.

“Sinabi sa kaniya ni Jesus, Kung ibig mong maging sakdal, humayo ka, ipagbili mo ang tinatangkilik mo, at ibigay mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, sumunod ka sa akin.” (Mateo 19:21) Iniuutos dito ni Jesus sa mayamang lalaki, na lumapit sa kanya na nagtatanong kung paano makapasok sa Kaharian ng Diyos, kung paano siya magiging sakdal, sa pagbebenta ng lahat ng mayroon siya, upang ibigay ito sa dukha at lumapit at sumunod sa Kanya. Ang Panginoon ay magsasalita sa atin ng tiyak na mga utos at ibibigay sa atin ang tiyak na mga tagubilin upang tayong maging sakdal pagkatapos nating sumunod. **Maaring sabihin ng Panginoon sa iyo na magpatawad, magbigay, yumaon, tanggihan, maging mahinahun, huwag sumuko atbp., upang para sa iyo ay maging sakdal. Kaya’t bigyang pansin ang tinig ng Diyos ngayon at gawin ang itinuturo Niya sa iyo upang maging sakdal ka.**

“Sa katapustapusan, mga kapatid, paalam na. Mangagpakasakdal kayo; mangaaliw kayo; mangagkaisa kayo ng pag-iisip; mangabuhay kayo sa kapayapaan: at ang Dios ng pagibig at ng kapayapaan ay sasa inyo.” (2 Corinto 13:11) Inutusan din si Pablo sa mga kapatiran na magpaksakdal na parang sinasabi niya sa kanila na ang kanilang gawa ay hindi sakdal sa harapan ng Panginoong Diyos. Si Pablo ay nagsisikap na iharap ang bawat mananampalataya na sakdal kay Cristo, ***“Na siya naming inihahayag, na pinaaalalahanan ang bawa’t tao at tinuturuan ang bawa’t tao, sa buong karunungan, upang maiharap naming sakdal kay Cristo ang bawa’t tao;” (Colosas 1:28)*** Ang Salita ng Diyos kapag ating binasa ito at pinahintulutan itong kumilos sa ating buhay; pagtanggap ng katuruan, pagsuway ng pagtutuwid at pagsasanay, ay magpapasakdal sa atin para sa ***“16 Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran: 17Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti.” (2 Timoteo 3:16-17)*** Ang pagiging sakdal ay nangangahulugang na tayo ay lubusang nasangkapan upang gawin ang gawain ng Diyos. Sa huli, kapag ating ipinagkatiwala ang ating sarili sa Panginoon ay gagawin Niya tayo upang maging sakdal, ***“At ang Dios ng buong biyaya na sa inyo’y tumawag sa kaniyang walang hanggang kaluwalhatian kay Cristo, pagkatapos na kayo’y makapagbatang sangdaling panahon, ay siya rin ang magpapasakdal, magpapatibay, at magpapalakas sa inyo.” (1 Pedro 5:10)*** Kahit sa panahon ng paghihirap at mga pagsubok habang handa tayo, ang Panginoon sa huli ang magsisikap para sa ating kabuuan at pagkasakdal.

“sapagka’t wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios.” Ang pagiging sakdal sa ating buhay ay darating at matutupad sa sumusunod na mga hakbang:

1. ***Sa pagsisisi sa ating mga kasalanan at upang gamitin ang ating buhay at mga bahagi ng ating mga katawan para maglingkod sa Diyos: Upang maging sakdal ay upang ihinto ang lahat ng mga kasalanan na iyong ginagawa.*** Paminsan-minsan ipapakita sa iyo ng Panginoon ang tiyak na mga kasalanan na kailangan mong ihinto at isuko upang umunlad ka. **Ang pagiging sakdal ay darating kapag sinimulan mong hanapin ang Diyos at alamin ang Kanyang sakdal na kalooban at kamitin ito. “1 Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba. 2At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios.” (Roma 12:1-2)** Upang maging sakdal ay hindi pagsang-ayon at pagsunod sa huwaran ng sanglibutang ito, at sa pagbabago ng iyong isip sa pagsunod sa Salita ng Diyos at hindi sa kultura o tradisyon ng tao. Habang ating binabalikan ang salaysay ng ating buhay kailangan nating makita ang pag-unlad patungo sa Diyos, kung paano natin tinalikuran ang ating mga kasalanan sa bawat posisyon ng ating buhay; kung paano tayo ay inayos at kung paano tayo ay naging masunurin upang gawin ang kalooban ng Diyos.
2. ***Sa pagbuo ng gawain: Kailangan ng Diyos sa atin na maging sakdal sa pagbuo ng ating mga gawin na ipinagkatiwala sa atin para makamit para sa Kanya.*** Si Pablo sa Kanyang sulat sa mga taga Colosas sinabi sa kanila, ***“At pagkabasa ng sulat na ito sa inyo, ay ipabasa naman ninyo sa iglesia ng mga taga Laodicea; at basahin naman ninyo ang sulat na mula sa Laodicea.” (Colosas 4:16)*** Narito si Pablo ay

sinasabi sa kanila na ihatid ang mensahe sa isa sa kanilang mga kasapi na tila sila ay gumagawa ng isang paglilingkod na natanggap niya mula sa Panginoon, na kailangan niyang tapusin ito at tuparin ito. Hindi dapat nating isantabi ang gawaing ipinapagawa Niya sa atin. Kailangan nating gawin ito at tuparin ang lahat ng ating mga takdang-gawain.

3. *Ang pagiging sakdal din ay magdagdag ng bagong mga bagay at mamumuhunan ang mga ito sa iyong buhay gaya ng itinagubulin sa atin ni Apostol Pedro upang gawin: "5 Oo, at dahil din dito, sa pagkaragdag sa ganang inyo ng buong sikap, ay ipamahagi ninyo sa inyong pananampalataya ang kagalingan; at sa kagalingan ay ang kaalaman; 6At sa kaalaman ay ang pagpipigil; at sa pagpipigil ay ang pagtitiis; at sa pagtitiis ay ang kabanalan; 7At sa kabanalan ay ang mabuting kalooban sa kapatid; at sa mabuting kalooban sa kapatid ay ang pagibig. 8Sapagka't kung nasa inyo ang mga bagay na ito at sumasagana, ay hindi kayo pababayaang maging mga tamad o mga walang bunga sa pagkakilala sa ating Panginoong Jesucristo. 9Sapagka't yaong wala ng mga bagay na ito ay bulag, na ang nakikita lamang ay ang nasa malapit, sa pagkalimot ng paglilinis ng kaniyang dating mga kasalanan." (1 Pedro 1:5-9) Upang maging sakdal ay paunlarin ang ating espirituwal na buhay at lumakad kasama ng Diyos, na mayroong laging pag-unlad gaya ng iyong pagkilos mula sa mas mahusay tungo sa pinakamahusay habang pinapatnubayan ka ng Banal na Espiritu.* Sa bawat araw ay aakayin ka ng Panginoon na pagtagumpayan ang ilang kasalanan, o gumawa ng bago para sa Kanya, pagkatapos ay kailangan mong tumugon sa direksyon na pinanapangunahan ka ng Diyos at sa gayon makakamit mo ang pagiging sakdal sa paningin ng Diyos habang patuloy kang tumutugon sa Kanya na nagdaragdag sa iyong pananampalataya ng mga kabutihan ng mabubuting gawa, kaalaman, pagpipigil (pagpipigil sa sarili) kahinahunan, kabanalan, kabaitan sa kapatiran, at pagibig sa kapwa.

Sa aking mahal at minamahal: Tayo ngayon bilang simbahan ay kailangan ang Banal na Espiritu ng Diyos upang lumapit at upang puspusing tayong muli at upang muling buhayin tayo upang tayo'y sumulong at buhayin muli ang mga bahagi na malapit ng mamatay, sa gayo'y ang buhay ay muling dumaan sa kanila. Panahon para sa iyo ngayon upang tumugon sa tawag ng Diyos, para magsisi sa mga kasalanan na iyong nalalaman at tanggapin ang Banal na Espiritu ng Diyos at humayo sa daan ng pagiging perpekto at gawin ang buong tungkulin ng Kanyang ipinagkatiwala sa iyo na gawin para sa Kanya at para sa Kanyang kaluwalhatian lamang.

Ang aking panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita na muling bumuhay sa akin at ginising ako.

Magsisi ang iyong mga kasalanan ngayon sa Diyos. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan. _____ . Magsisi sa iyong kamunduhan, pagmamalaki, pagsisinungaling, katamaran, kawalan ng pangako, at kawalang kahandaan upang buuin ang gawain ng Diyos.

Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili na tumalima sa iyong Salita, na aking tinanggap sa mensaheng ito. Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili na gawin ang lahat ng iyong mga gawain. Panginoon bigyan ako ng Espiritu ng karunungan, ang Espiritu ng kaunawaan, ang Espiritu ng katibayan, ang Espiritu ng kaalaman, ang Espiritu ng takot PANGINOON. Panginoon buhayin akong muli at puspusin ako ng Banal na Espiritu at ibigay sa akin ang Espirituwal na mga kaloob na aking kailangan sa aking buhay upang yumaon at maglingkod sa iyo, upang magebanghelyo pagabot sa bagong bayan at gawing mga disipolo.

Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na tinanggap ang iyong Salita, nagsisi sa kanilang mga kasalanan at handang isabuhay ang kanilang buhay at maglingkod sa iyo. Panginoon proyektahan sila at ibigay ang kanilang mga kailangan. Panginoon ibigay sa kanila ang pagtitiyaga, kahinahunan, pagpipigil sa sarili, at lahat ng bunga ng Banal na Espiritu upang makita ng mga tao si Jesus sa kanilang buhay.

Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at itaguyod kami bilang isang simbahan. Panginoon buhayin kaming muli at puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu upang magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon, kami'y nanalangin na paging dapatin kaming magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan at tupdin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal an Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 56. Ang Sulat ni Jesus sa simbahan ng Sardis Yugto 1. Pahayag 3 :1-6. Isaiah 11 :2. Juan 3 :34. Juan 6 :63. Juan 3 :5-7. Genesis 6 :9. Genesis 17 :1. Deutronomio 18 :13. 1 Hari

8 :61. Mateo 5:48. Mateo 19:21. 2 Corinto 13:11. Colosas 1:28. 2 Timoteo 3:17. 1 Pedro 5:10. Roma 12:1-2. Colosas 4:16. 2 Pedro 1:5-9.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com